*Tanggapan ng Tagapamanihala ng Sangay*

**MEMORANDUM PANSANGAY**
**BLG. 434 s. 2025**

Hulyo 7, 2025

**Para sa:**

Katulong na Tagapamanihala ng Sangay
Hepe ng Dibisyon ng Implementasyon ng Kurikulum
at Hepe ng Dibisyon ng Pamamahala at Operasyon ng Paaralan
Mga Tagamasid Pandistrito
Mga Punongguro na Nangangasiwa sa Distrito
Punongguro at Ulongguro
Lahat ng Guro at mga Mag-aaral
ng Sangay na ito

**Pagsulat ng Lathalain Ukol sa Inclusive Education**

1. Bilang bahagi ng kampanya ng Kagawaran ng Edukasyon sa pagtataguyod ng **Inclusive Education**—isang sistemang nagbibigay pantay-pantay na oportunidad sa lahat ng mag-aaral anuman ang kanilang kalagayan sa ating paaralan gayundin ang pagsasanay ng mga kasapi ng patnugutan ng mga pahayagang pampaaralan, magsasagawa ng Paligsahan sa Pagsulat ng Lathalain ang Sangay na ito para sa antas ng elementarya at sekondarya.

2. Layunin nito na:
   a. Mahikayat ang mga mag-aaral na magsaliksik, magpahayag, at maglahad ng saloobin ukol sa kahalagahan ng edukasyong inklusibo;
   b. Mapaigting ang kamalayan sa mga karapatan ng bawat batang Pilipino na makapag-aral;
   c. Maipakita ang suporta ng paaralan sa mga adbokasiyang pang-edukasyon na walang pinipiling kasarian, kakayahan, relihiyon, o katayuang panlipunan:
   d. Maihanda ang mga manunulat ng paaralan sa indibidwal na paligsahan kaugnay sa pamamahayag.

3. Ang tema ay " **Edukasyon Walang Iniiwan: Lakas ng Bawat Mag-aaral**"
   **Kategorya:**
   a. **Elementarya** (Gr. 4–6)
   b. **Sekondarya** (JHS at SHS)

4. Mga Alituntunin:
   1. Ang lathalain ay dapat na orihinal at isinulat sa **wikang Filipino**.
   2. Ang kalahok nito ay ang mga napiling patnugot sa lathalain ng pahayagang pampaaralan sa Filipino
   3. Dapat itong tumalakay sa tunay na kalagayan, suliranin, o inspiradong kuwento ng **inclusive education** sa paaralan, tahanan, o komunidad.
   4. Haba ng artikulo:

**Elementarya:** 200–400 salita -Handwritten
**Sekondarya:** 400–600 salita- softcopy (Word format) at hardcopy

5. Ipapasa ang bawat entry ng paaralan kay EPS Lindo O. Adasa, Jr. Division Journalism Koordineytor(Filipino) sa Agosto 8. 2025

5. Gagawaran ng sertipiko ng pagkilala ang tatlong mangungunang manunulat at sertipiko ng pakikilahok ang lahat ng sasali sa paligsahan.

6. Ang pinakamahusay na lathalain ay inaasahang maisasama sa opisyal na newsletter ng paaralan o division publication (kung maaprubahan).

7. Sa gawaing ito ay inaasahang maipamalas ng mga mag-aaral ang kanilang husay sa pagsulat at malasakit sa bawat batang Pilipino.

8. Inaasahan ang suporta at malawakang pagpapabatid nito.

**JAY S. MONTEALTO, EdD, JD, CESO VI**
*Opisyal na Namamahala Tagapamanihala ng Sangay*
*Sangay ng Dapitan*

Department of Education
Division of Dapitan City
RELEASED
NO 436 DATE 7/8/25
TIME 1:26 BY

**Rubrics**

| | | |
|---|---|---|
| **Nilalaman** | Tumatalakay sa inclusive education; may malinaw na layunin at mensahe | 25 pts |
| **Organisasyon ng Ideya** | Maayos ang pagkakasunod-sunod ng kaisipan; may simula, gitna, at wakas | 20 pts |
| **Kalinawan at Pagkamalikhain** | Malinaw at makatawag-pansing presentasyon ng ideya; orihinal ang pagkakalahad | 20 pts |
| **Estilo sa Pagsulat** | Gumagamit ng wasto at angkop na salita; epektibo ang paggamit ng wikang Filipino | 15 pts |
| **Kaangkupan sa Tema** | Ang paksa ay may malinaw na kaugnayan sa inclusive education | 10 pts |
| **Gramatika at Mekaniks** | Tama ang baybay, bantas, balarila, at estruktura ng pangungusap | 10 pts |
| **Kabuuang Puntos** | | **100 pts** |